



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-01

“NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 02-2025 NG BARANGAY POBLACION NA MAY PAMAGAT NA ‘ISANG KAUTUSAN NA INAATASAN ANG LAHAT NA MAY NEGOSYO NA KAINAN (CARINDERIA AT FAST FOOD CHAIN) NA MAGLAGAY NG PANALA (GREASE STRAINER) SA KANILANG MGA HUGASAN O LABABO UPANG HINDI MASAMA ANG TIRANG PAGKAIN PATUNGO SA DALUYANG TUBIG O MGA KANAL.”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Engr. Gliceria M. Perez

Tagapangulo

Lupon sa Imprastraktura, Pagawaing-Bayan, Pangangalaga sa Kapaligiran at Pagbabago ng Panahon

SAPAGKA’T, ang nasabing kautusan ay naglalayong pangalagaan ang kalinisan at kaayusan ng kapaligiran sa Barangay Poblacion sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagtatapon ng mga tirang pagkain at mantika sa mga daluyan ng tubig o kanal;

SAPAGKA’T, ang paghalo ng mga dumi at mantika sa daluyan ng tubig ay nagdudulot ng pagbabara sa mga kanal na nagiging sanhi ng pagbaha sa komunidad, na nakaaapekto sa kalusugan at kabuhayan ng mga mamamayan;

SAPAGKA’T, ang pagpapatupad ng ganitong hakbang ay isang mahalagang kontribusyon sa pangkalahatang layunin ng Pamahalaang Bayan ng Bustos na mapanatili ang kalinisan at kaayusan ng kapaligiran alinsunod sa mga umiiral na batas sa pangangalaga sa kalikasan;

SAPAGKA’T, bagaman walang direktang kapangyarihan ang Barangay na magsara ng negosyo kung ito ay may bisa pang Business Permit, maaari itong magrekomenda sa Punong Bayan hinggil sa pagkansela o pagpapasuspindi ng naturang permit kung kinakailangan.

KUNG KAYA’T, sa pagtataguyod ni **IGG. ENGR. GLICERIA M. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN


BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN


044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos

IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kautusan Blg. 02-2025 ng Barangay Poblacion na may pamagat na "Isang Kautusan na inaatasan ang lahat na may negosyo na kainan (carinderia at fast food chain) na maglagay ng panala (grease strainer) sa kanilang mga hugasan o lababo upang hindi masama ang tirang pagkain patungo sa daluyang tubig o mga kanal."


PINAGTIBAY, ngayong ika-5 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni



John Erick L. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni


Aljhaneal E. Guinones
Kasangguni


Melvin H. Melencio
Kasangguni



Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-5 ng Enero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim